



Support

ISUMBONG ANG KRIMEN NG PAGKAMUHI

Ang Santa Ana Police Department ay nakatuon sa pagtulong sa mga biktima ng krimen. Kung ikaw ay biktima ng isang krimen ng pagkamuhi; isumbong ito sa lalong madaling panahon. Ang sumusunod ay mga inirerekumandang hakbang:

- Tumawag sa 9-1-1 para magsumbong at humingi ng tulong medikal kung kinakailangan.
- Isulat ang bawat detalye ng insidente na matatandaan pati na ang mga katangian ng suspek kung maaari (halimbawa: kasarian, edad, lahi, taas/timbang, damit, peklat/tattoo).
- Kung maaari, kumuha ng larawan ng anumang danyos o pinsala na sanhi ng insidente.
- Maghain ng ulat at ibigay sa kinauukulan ang lahat ng mga detalye ng insidente at mga larawan (kung mayroon). Anumang bagay na kaugnay sa krimen ay maaaring makatulong sa imbestigasyon.

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong, ang Santa Ana Police Department ay handang magbigay ng mga magagamit na mapagkukunan. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa pulisya kung may anumang katanungan o alalahanin.

*Layunin ng Santa Ana Police
Department na turuan at
makipagtulungan sa mga residente
nito tungkol sa mga estratehiya sa
pag-iwas sa krimen upang
mabawasan ang posibilidad na
maging biktima nito.*

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON,
MAKIPAG-UGNANAYAN SA SANTA ANA
POLICE DEPARTMENT:**

**SANTA ANA POLICE DEPARTMENT
60 CIVIC CENTER PLAZA
SANTA ANA CA 92701
TEL: 714-834-4211**

SANTA ANA POLICE DEPARTMENT

**KRIMEN NG PAGKAMUHI
Impormasyon at Mga
Mapagkukunan**



**DAVID VALENTIN
HEPE NG PULISYA**



UNAWAIN ANG KRIMEN NG PAGKAMUHI

Ayon sa U.S. Department of Justice, ang krimen ng pagkamuhi ay "karahasan ng hindi pagpaparaan at pagkapanatiko na hangad saktan at takutin ang isang tao dahil sa kanyang lahi, lipi, bansang pinagmulan, relihiyon, sekwal na oryentasyon, o kapansanan." Bukod dito, ayon sa California Penal Code (PC 422.55 (a)), ang krimen ng pagkamuhi ay tumutukoy sa "gawaing kriminal, buo man o bahagi, dahil sa isa o higit pa... na aktwal o napansin na mga katangian ng biktima."

May mga batas sa buong bansa na pinaiiiral laban sa mga krimen ng pagkamuhi. Ayon sa National Crime Prevention Council, kung ang isang krimen tulad ng paninira, pag-atake, o pagpatay ay may bahid ng pagkiling, ito ay maituturing din na krimen ng pagkamuhi at ang parusa nito ay mas mabigat.

Pinatutupad ang mga batas laban sa krimen ng pagkamuhi upang pigilan ang karahasang may pagkiling. Gayunpaman, para masugpo at maiwasan ang krimen ng pagkamuhi, dapat sama-samang unawain ng mga kasapi sa komunidad ang krimen ng pagkamuhi at ang mga paraan upang maiwasan ito sa kanilang komunidad. Malaki ang epekto ng krimen ng pagkamuhi at may malawak na implikasyon ito sa mga biktima, kaya mahalagang maunawaan ng komunidad ang isyu na ito.

Sinusubaybayan at inilalabas ng FBI ang mga estadistika ng mga nagkasala ng krimen sa pagkamuhi sa buong bansa. Ipinakita ng mga numero ng nakaraan na bilang isang bansa, nahaharap pa rin tayo sa problema ng krimen ng pagkamuhi na may nakawawasak na epekto sa komunidad. Para sa karagdagang impormasyon at mga kasalukuyang datos, mangyaring bisitahin ang website ng FBI sa www.fbi.gov

KRIMEN NG PAGKAMUHI: PAANO IWASAN

KUNG IKAW AY MAYOR DE EDAD, MAAARING:

- Maging isang mabuting halimbawa sa pamamagitan ng paggalang sa kapwa sa kilos, ugali, at pahayag.
- Bumuo ng mga diskusyon upang suriin ang mga posibleng pinanggagalingan ng pagkapanatiko at karahasan ng pagkamuhi sa komunidad at mag-isip ng mga hakbang sa pag-iwas.
- Hingin ang estadistika ng krimen ng pagkamuhi mula sa kinauukulan upang manatiling alisto sa mga pangyayari.
- Taasan ang kamalayan ng publiko na ang mga insidenteng may pagkiling ay krimen at dapat isumbong sa awtoridad.
- Suportahan ang pagsasanay ng pulisya at sheriff sa pagkilala at pagtugon sa krimeng may pagkiling.
- Matapos kunin ang pahintulot ng kinauukulang ahensya, agad na linisin ang anumang bandalismo bunga ng pagkiling at palitan ito ng miyural na nagbubunyi ng pagkakaiba-iba.
- Makipagtulungan sa mga paaralan, negosyo, o grupo sa komunidad na tatangkil ng mga paligsahan sa poster o sanaysay na may temang "Paano Nasasaktan ng mga Krimeng May Pagkiling ang Ating Komunidad."
- Magbigay ng suporta sa isang katrabaho o kapitbahay na naging biktima ng krimeng may pagkiling.

KUNG IKAW AY MINOR DE EDAD, MAAARING:

- Magsimula ng isang programa sa paraalan na layunin lutasin ang mga di-pagkakaunawaan.
- Kamustahin at kausapin ang mga taong naiiba sa iyo.
- Tanggihan ang anumang estereotipo.
- Isumbong ang mga insidente ng diskriminasyon o krimen ng pagkamuhi sa mga magulang, tagapagpatupad ng batas, at guro.
- Magsimula ng *peer education program* para turuan ang kabataan kung paano kumilala ng pagkiling.
- Magsagawa ng Araw ng Paggalang o Araw ng Pag-uusap at isangkot ang buong komunidad, kung saan ang lahat ng kasapi ay maaaring magbahagi ng mga estratehiya sa pag-iwas.
- Magbahagi ng mga positibong mensahe laban sa karahasan.
- Magsimula ng programang pambayan o pampaaralan na magbabantay sa krimen.
- Itaguyod ang pag-iwas sa karahasan sa pamamagitan ng pagsulat sa kinatawan ng lokal na pamahalaan at pamamahagi ng mga ideya.
- Magbigay ng suporta sa isang kamag-aral na naging biktima ng krimeng may pagkiling.

ALAMIN ANG KATOTOHANAN

Batay sa nakasanayan, may pagtaas sa bilang ng mga krimen ng pagkamuhi o pagkiling. Ang patuloy na rasismo, pagtatangi, diskriminasyon, at kakulangan ng pag-unawa sa pagkakaiba-iba ay nagpapalaganap ng problema. Ang likas na galit sa isang grupo nang walang partikular na kadahilanan maliban sa sariling pagkiling ay hindi isang bagay na ipinanganak tayo, sa halip ito ay natututunan natin, kaya mahalaga na maging mulat tayo at magkapit-bisig tungo sa pagtuklas ng solusyon. Sumali sa mga bukas na talakayan, makialam sa komunidad, at maging madiskarte sa pagtugon ng mga isyu. Supilin ang krimen ng pagkamuhi sa iyong lugar at turuan ang mga nasa paligid mo na hindi ito tama.

***** Ang impormasyon ay galing sa website ng National Crime Prevention Council sa www.nccpc.org

SANGGUNIAN

Yunit ng Pagsisiyasat sa Krimen Laban sa Tao ng Santa Ana Police Department
(714) 245 - 8390

CSP Programang Tulong sa mga Biktima
Programang Tulong sa mga Biktima / Testigo – Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Mga Biktima ng Krimen
Santa Ana
(714) 834 - 4350

CSP Kanlungan para sa Kabataan
Kanlungan sa Krisis at Pagpapayo para sa Kabataan 11- 17
(949) 494 - 4311

Legal Aid Society of Orange County
(714) 835 - 8806

Mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen
(800) VICTIMS